THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# "Espesyal na Panauhin"

By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF

Setyembre 22, 2021

Ang pananalig ay bunga ng pakikinig (Roma 10:17). Ang pinakamalalim na halimbawa nito ay ang pagpapapagaling ng alipin ng isang senturyon (Mt. 8:5-13). Naintindihan ng senturyon ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos sa pagpapapagaling ng anumang karamdaman. Hindi sinayang ni Jesus ang pagkakataong magturo, magpalaganap at ipakita paano gumalaw ang Diyos para maibalik ang pananalig ng isang tao. Kaya, Siya ang ating espesyal na panauhin.

**1.Ang pagpapapagaling sa isang paralitiko (Mk 2:1-5)**

Noong nagpunta si Jesus sa Capernaum, may idinating na isang paralitikong dala ng apat na katao, hindi nila ito nailapit kay Jesus, kaya't binakbak nila ang bubong sa tapat Niya at ibinaba ang paralitikong nakaratay sa kanyang higaaan. Namangha si Jesus sa laki ng kanilang pananalig, pinatawad Niya ang kasalanan ng paralitiko at pinagaling. Namangha ang mga tao at nagsimula silang magpuri sa Panginoong Diyos.

**2. Ang pagpapapagaling sa biyenan ni Pedro (Mt.8:14-15).** Pumasok si Jesus sa bahay ni Pedro at nakita ang biyenan nito, nakahiga at inaapoy ng lagnat. Hinawakan ni Jesus ang kamay ng babae at nawala ang lagnat nito.

**3. Si Zaqueo, ang taga-singil ng buwis (Lk.19:1-10)**

Noong sinabi ni Jesus kay Zaqueo na kakain Siya sa bahay nito kasama ang ibang taga-singil ng buwis, nagbulung-bulungan ang lahat ng nakakita. Gayunman, sinabi ni Jesus na naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang naligaw.

**4. Ang paglalakad tungo sa Emaus (Lk.24:13-32).**

Ang dalawa sa mga alagad na naglalakad patungong Emaus ay hindi nakilala si Jesus noong lumapit at nakisabay sa kanila. Parang nawalan na sila ng pananalig at pag-asa sa pagkamatay ni Jesus sa krus. Gayumnan, nakilala nila si Jesus sa paghati-hati Niya ng tinapay at ibinigay sa kanila. Noon di'y bumalik sila sa Jerusalem.

**5. Ang kasalan sa Cana (Jn. 2:1-12)**

Sina Jesus, Maria at ibang alagad ay mga panauhin sa kasalan sa Cana. Dito ginanap ni Jesus ang unang himala sa pamamagitan ng pagpapalit ng tubig sa pinakamasarap na alak.

**6. Ang pagpapatawad sa makasalanang babae (Lk. 7:36-50)**

Espesyal na panuhin si Jesus sa bahay ni Simon, isang Paraseo. Nagpunta ang babaeng makasalanan kay Jesus, pinunasan niya ang mga paa ni Jesus ng kanyang buhok, hinagkan at pinahiran ng pabango. Ginamit ni Jesus ang pagkakataong ito para ipaliwanag kay Simon paano pagsilbihan ang isang espesyal na bisita.

**7. Marta at Maria (Lk. 10:42-48)**

Pumasok sa isang nayon si Jesus kung saan malugod Siyang tinanggap ni Marta. Alalang-alala si Marta dahil kulang ang kanyang katawan sa paghahanda, kaya't lumapit siya kay Jesus para sabihan ang kanyang kapatid, si Maria, na tulungan siya. Sinabi ni Jesus na pinili ni Maria ang lalong mabuti, at ito'y hindi aalisin sa kanya.

**Konklusyon:**

Kung nakikinig tayo sa Salita ng Diyos, Si Jesus ang nangungusap sa atin. Ang ating isip at puso ay lumalago sa karunungan. Sa paglago ng ating karunungan, lalong lumalalim ang ating pananalig. Ang Salita ng Diyos ay nagpapaalab sa ating mga puso at pinupuno ng pag-ibig at tiwala sa Kanya. Kung totoong makikinig tayo at binubuksan ang ating mga puso at isipan sa Salita ng Diyos, matatanggap natin ang biyaya ng dakilang pananalig.

**Pagninilay:**

1. Paano ang pagtrato mo kay Jesus bilang bisita?
2. Gaya ka ba ng Pariseo o ang makasalanang babae?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials